# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Nobyembre, 2024

## Higit sa 200 na Vote Center ang Available sa Sabado

Karagdagang mga vote center at anim na super center ang magbubukas sa Sabado na nagpapahintulot sa mga botante na bumoto nang maaga sa alinman sa higit sa 200 na vote center sa county. Ang mga lokasyong ito ay magiging bukas ng apat na araw hanggang humantong sa at kasama na ang huling araw ng botohan, Ika-5 ng Nobyembre.

Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang Lunes, Ika-4 ng Nobyembre. Sa huling araw ng pagboto, Martes, Ika-5 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Bilang paghahanda sa pagtaas ng mga botanteng dadalo, nagdagdag ang opisina ng Tagapagrehistro ng mas maraming mga vote center, kasama na ang anim na super center, na nilagyan ng karagdagang mga istasyon ng pag-check-in, voting booth at mga manggagawa sa botohan.

Ang mga super center ay matatagpuan sa:

- Chula Vista: MAAC Community Center, 1387 3rd Avenue.
- El Cajon: Wells Park, 1153 E. Madison Avenue.
- Encinitas: Encinitas Community Center, Manzanita Room, 1140 Oakcrest Park Drive.
- Kearny Mesa: Registrar of Voters, 5600 Overland Avenue.
- San Diego: San Diego LGBT Community Center, 3909 Centre Street.
- San Marcos: San Marcos Community Center, Mail Hall, 3 Civic Center Drive.

Kung plano ninyong bumoto nang personal, maging handa. Basahin ang inyong pamplet ng impormasyon ng botante at markahan ang inyong mga seleksyon sa sampol na balota nang mas maaga. Kapag pumasok na kayo sa loob ng voting booth sa vote center, maaari kayong sumangguni sa inyong mga pinili sa sampol na balota upang maginhawang markahan ang inyong mga seleksyon sa inyong opisyal na balota.

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa county. Humanap ng lokasyon na malapit sa inyo sa sdvote.com.

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Nobyembre, 2024

Pinalitan ng mga vote center ang mga lugar ng botohan at nagbibigay ng mas maraming serbisyo. Maaari kayong:

- Bumoto nang personal o ihulog ang isang balotang pangkoreo
- Bumoto gamit ang isang naa-access na ballot marking device
- Tumanggap ng tulong at materyales sa pagboto sa maramihang wika
- Magparehistro para bumoto o i-update ang inyong rehistrasyon ng botante at bumoto sa parehong araw

Maaaring gumamit ang mga botante ng touch screen upang markahan ang kanilang mga seleksyon sa mga ballot marking device. Kapag tapos na, ipi-print ng botante ang opisyal na balota, susuriin ito, ilalagay sa isang pansikretong takip at ibibigay ito sa isang manggagawa sa botohan upang ipasok sa kahon ng balota o ballot box upang bilangin sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang ballot marking device ay hindi nagtatabi, nag-tatabula o nagbibilang ng anumang mga boto.

Tandaan na ang pangangampanya o electioneering sa loob ng 100 talampakan mula sa isang vote center o opisyal na ballot drop box ay ipinagbabawal. Kabilang dito ang nakikitang display o pagpapakalat ng audio ng impormasyon na nagtataguyod o tumututol sa anumang kandidato, panukala o proposisyon sa balota. Bilang karagdagan, ang isang indibidwal ay hindi maaaring magpalakad ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referenda, recall o nominasyon ng kandidato.

Huwag magpahuli! Dahil sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, ang proseso ng pagboto ay maaaring maging mas matagal kaysa sa nakasanayan. Inirerekomenda ng opisina ng Tagapagrehistro na gamitin ang mga opsyon sa maagang pagboto upang maiwasan ang mahahabang linya.

Kung hawak pa rin ninyo ang inyong balota, kumilos na ngayon.

- Bumoto mula sa tahanan:
  - Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob.
  - Ibalik ito agad sa pamamagitan ng koreo.
  - Ang mga balota sa koreo na may postmark sa o bago ang Ika-5 ng Nobyembre at natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro nang hindi lalampas sa Ika-12 ng Nobyembre ay ituturing na nabotohan sa tamang oras.

    - O ibalik ito sa isa sa 150 na opisyal na ballot drop box. Ang mga secure na stand-alone box ay nagtatampok ng logo ng Tagapagrehistro kasama ang seal ng County at may label na "OPISYAL NA BALLOT DROP BOX."
- Pumunta sa isang vote center.
    - Maaari ninyong dalhin ang opisyal na balotang inyong natanggap sa koreo, mag-check in sa vote center, pirmahan ang elektronikong roster, at botohan ang inyong balota nang hindi kinakailangan ang sobreng pagbabalikan.

Hanapin ang opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa pamamagitan ng locator map ng Tagapagrehistro, ang inyong pamplet ng impormasyon ng botante o sa online sa sdvote.com. Karamihan sa mga drop box na ito ay available 24/7. Ang iba naman ay nakadepende sa mga oras ng operasyon ng lokasyon. Tingnan ang oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago ibalik ang inyong balota. Lahat ay magsasara sa ika-8 ng gabi, Ika-5 ng Nobyembre.

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas mabilis itong mapoproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Kung naibalik niyo na ang inyong balota sa koreo, maaari ninyong kumpirmahin kung kailan ito natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa sdvote.com o maaari ninyong subaybayan ito sa U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pag-sign up para sa “Nasaan Ang Aking Balota?”.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER